Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
SCHOOLS DIVISION OFFICE
CITY OF MUNTINLUPA

Enero 25, 2017

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg.009, s. 2017

DepEd - MUNTINLUPA
RELEASED
DATE 1/26/17

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Tagapamuno, CID, SGOD
Pandibisyon/Pandistritong Tagamasid/Koordineytor
Pampubliko at Pampribadong Punongguro/Nanunungkulang Punongguro
Kinauukulang Guro

PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS 2017 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

1. Kalakip nito ang DepEd Memorandum Blg. 9, s. 2017 na may petsang Enero 23, 2017 na may paksang: **Pambansang Kampo Balagtas 2017**, para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

2. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

MAURO C. DE GULAN, Ed.D
Pansangay naTagapamanihala

Republic of the Philippines
Department of Education

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED 1/24/17
DATE
TIME 8:20
CITY OF MUNTINLUPA

23 JAN 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 9 , s. 2017

PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS 2017 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Pampublikong Paaralang Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas at Buwan ng Panitikan ng Filipinas. Bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang pagdaraos ng *Pambansang Kampo Balagtas 2017*, isang kumperensiya ng mga kabataang manunulat ng tula at sanaysay na gaganapin mula ika-31 ng Marso hanggang ika-2 ng Abril 2017 sa Orion Elementary School, Orion, Bataan. Ito ay alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 964 at Proklamasyon Blg. 968.

2. Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

a. magsagawa ng mga aktibidad na makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
b. kilalanin ang husay ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
c. kilalanin ang mga diyaryong pangkampus na nagpapakita ng kahusayan at pagpapahalaga sa paggamit ng wikang Filipino;
d. hikayatin ang mga mag-aaral na patuloy na pahalagahan ang mga hiyas ng panulat ni Francisco "Balagtas" Baltazar; at
e. makapagbigay ng kaalaman hinggil sa pagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa mga tagapagsanay ng mapipiling mag-aaral.

3. Ang Kumperensiya ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa sekundarya na kasapi at nakapaglathala na sa diyaryong pang-estudyante ng paaralan. Hindi maaaring sumali ang mga kamag-anak ng mga kawani ng KWF.

4. Ang Kumperensiya ay libre at sasagutin ng KWF ang lahat ng gastusin kabilang ang transportasyon, pagkain, at akomodasyon ng mga kalahok at kanilang tagapangalaga.

5. Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad *Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

6. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnay alinman kina **G. John Enrico C. Torralba** at **G. Roy Rene S. Cagalingan**, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), 2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, San Miguel, Maynila 1005, sa telepono: (02) 736-2519 o sa email: komisyonsawikangfilipino@gmail.com.

7. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

LEONOR MAGTOLIS BRIONES
Kalihim

Sanggunian:
Wala

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCE
LEARNING AREA, FILIPINO
STUDENTS

APA, DM Pambansang Kampo Balagtas 2017
0038-Enero 14, 2017